

Setyembre 21, 2026

Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services (Kagawaran ng mga Serbisyo Pangkaunlaran) tungkol sa:

MGA SERBISYO SA TRABAHO PARA SA MGA INDIBIDWAL NA APEKTADO NG PAGKAKASUNOD-SUNOD NG PAGPILI

KAGAWARAN NG REHABILITASYON

D-2026-Pagtatrabaho-003

Ano ang Dapat Malaman

Simula Agosto 31, 2026, ang Department of Rehabilitation (DOR) ay nagpasok ng isang Pagkakasunod-sunod ng Pagpili (Order of Selection o OOS). Nangangahulugan ito na dapat ilagay ng DOR ang ilang indibidwal sa waiting list para sa mga serbisyo. Ipinapaliwanag ng direktiba na ito kung ano ang dapat gawin ng mga sentrong pangrehiyon sa panahon ng OOS.

Ano ang Magbabago

Walang magbabago para sa mga indibidwal na mayroon nang nilagdaang Indibidwal na Plano para sa Trabaho (Individualized Plan for Employment o IPE) sa DOR. Hindi rin maaapektuhan ang mga serbisyo para sa mga estudyante ng DOR.

Sa panahon ng OOS, dapat pondohan ng mga sentrong pangrehiyon ang mga serbisyo sa pagpapaunlad ng trabaho at pagtuturo ng trabaho para sa mga indibidwal na isinangguni sa DOR. Hindi na kailangang maghintay ang mga indibidwal para makatanggap ng mga serbisyo sa trabaho mula sa sentrong pangrehiyon.

May tatlong bagong bayarin para sa mga sinusuportahang bendedor ng trabaho na nakikipagtulungan sa mga indibidwal na nasa listahan ng naghihintay (waitlist) ng DOR. Ang mga bayarin na ito ay karagdagan pa sa mga singil sa serbisyo at mga bayad sa insentibo. Dapat magsumite ang mga bendedor ng dokumentasyon sa kanilang sentrong pangrehiyon na nagsasaad na natugunan ang mga mahalagang yugto (milestone) upang makuha ang mga bayarin na ito.

May mga katanungan?

Ang mga tanong tungkol sa OOS ay dapat ipadala sa pamamagitan ng email sa OOSQuestions@dor.ca.gov.

Maaaring mag-email ang mga sentrong pangrehiyon ng mga tanong sa WorkServices@dds.ca.gov.

Matuto Pa

Suriin ang website ng pagkakasunod-sunod ng pagpili ng DOR sa [Order of Selection](https://www.dor.ca.gov/Home/OrderofSelection) (<https://www.dor.ca.gov/Home/OrderofSelection>).